

Pagpaplanong Pangwika sa Edukasyon at Pagtatáya sa Pagbuo ng Programang Pangwikang MTB-MLE

*Language Planning in Education and Assessment
in Developing the MTB-MLE Language Program*

AURA BERTA A. ABIERA

University of the Philippines-Diliman
aaabiera1@up.edu.ph

ABSTRAK

Layunin ng papel na ito na gawan ng pagtatasa ang pagbuo ng programang pangwika ng DepEd na MTB-MLE. Sa partikular, tiniyak at tinaya ang mga salik na nakaapekto sa pagbuo ng programang pangwikang MTB-MLE.

Krusyal ang paglikha at pagpapatupad ng programang pangwikang MTB-MLE sapagkat binago nito ang matagal nang kalakaran na bilingguwal na patakaran sa edukasyon.

Sa pagtatasa ng mga salik na nakaimpluwensiya at nakaapekto sa pagbuo at pagpapatupad ng programang pangwikang MTB-MLE, inisa-isa ang historikal na konteksto, mga motibasyon, actors at agency, pang-edukasyon, pampolitika, at panlipunang tunguhin, at implementasyon na gumiya rito.

Itinakda ang MTB-MLE at isinabatas ang RA 10533 o mas kilala bilang K to 12 kung saan esensiyal na bahagi ang MTB-MLE. Itinakda ang MTB-MLE at ang K to 12 alinsunod sa programa ng UN na "Education for All." Pagpapatupad rin ito ng 10-Point Education Agenda ng Pangulong Benigno Aquino III at bahagi ng kaniyang Philippine Development Plan na hindi rin tiwalag sa ASEAN Integration.

Napatunayan sa papel na iba't ibang panloob at panlabas na salik ang nakaimpluwensiya sa mga desisyong sosyo-politikal at pang-ekonomiya sa bansa na nagkaroon ng malaking epekto sa sistema ng edukasyon at nagbunsod sa pagkakabuo at pagpapatupad ng programang pangwikang MTB-MLE at pagsasabatas ng RA 10533 o mas kilala bilang K to 12.

Mga Susing Salita: MTB-MLE; K to 12; programang pangwika; patakarang pangwika; pagpaplanong pangwika

ABSTRACT

The purpose of this paper is to create an assessment for the DepEd MTB-MLE language program. In particular, this paper evaluates the factors that affect the creation of the MTB-MLE language program.

The creation and implementation of the MTB-MLE language program is crucial, as this changes the longstanding policy of bilingual education.

In assessing the factors that influence and affect the creation and implementation of the MTB-MLE language program, the historical contexts, motivations, actors and agency, educational, political and social goals, and the implementation that guided this were thoroughly studied.

The MTB-MLE language program was set, and RA 10533 or more commonly known as K to 12 was ratified into law where MTB-MLE plays an important role. These were set pursuant to the UN program of "Education For All." This was also the implementation of the 10-Point Educational Agenda of the late president Benigno Aquino III, and part of his broader Philippine Development Plan which also conforms towards ASEAN integration.

It was proved within this paper that various factors, both internal and external, influenced the socio-political and economic decisions made in the country which inadvertently had a large impact on the educational system, and resulted in the creation and implementation of the MTB-MLE language program and the ratification into law of RA 10533 or more commonly referred to as K to 12.

Keywords: MTB-MLE; K to 12; language program, language policy, language planning

Panimula

Nitong Pebrero 2023, inaprobahan ng Kongreso sa huling pagbasa ang House Bill 6717 na naglalayong ipasuspende ang paggamit ng mother tongue bilang pangunahing wikang panturo sa kinder hanggang grado 3. Nakabase ito sa pagpapalagay na ang suspensiyon ay makatutulong sa mga school district at sa DepEd na makadevelop ng sapat na materyales upang maipatupad nang ganap ang MTB-MLE (Chi, House OKs Suspension of using Mother Tongue To Teach Young Learners, philstar.com)

Samantala, binanggit naman ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na nasimulan na ang pagrerebyu ng implementasyon ng programang K-12 ng DepEd. “Nagkaroon na ng mahahabang talakayan sa pagpapatuloy at viability ng sistemang K-12. Ginagawan ito ng masusing pag-aaral upang lahat ng mahahalagang input at punto de bista ay maisaalang-alang” (Santos, Marcos K-12 Program Under careful Review, gmanetwork.com)

Nanawagan rin si Marcos ng rebyu ng Ingles bilang wikang panturo upang mapanatili ng mga Pilipino ang kanilang bentaha ng pagkilala bilang English speaking People. “Pinapaboran ng mga employer na banyaga ang mga empleadong Pilipino dahil sa ating kakayahan sa wikang Ingles. Ito ang bentahang patuloy nating dapat matamasa” (Santos, Marcos K-12 Program Under Careful Review, gmanetwork.com).

Sa ganitong konteksto, mahalagang mabalikan at maunawaang muli ang mga dahilan at kaligiran ng pagkakatakda ng MTB-MLE bilang programang pangwika na naging esensiyal na bahagi ng K-12.

Kaugnay na Literatura

Sa pag-aaral ni Jocson (2013) na Politika ng MTB-MLE sa Pilipinas, tinukoy niya ang sosyo-historikal na sitwasyon kasama na ang mga politikal na salik na nakapagpasinaya sa pagkakaroon ng D.O. 74 s. 2009 (Institutionalizing Mother Tongue Based Multilingual Education) at D.O 16 s. 2012 (Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue-Based-Multilingual Education). Sa pagtaluntong ginawa, naipakita niya kung gaano karami at kaimpluwensiya ang mga organisasyong pandaigdigang para sa programang ipinatupad ng DepEd. Tinalakay rin ang iba’t ibang ahensiya ng pamahalaan, mga organisasyong pandaigdigang, at mga pandaigdigang bangko na nagbigay at nagpautang ng pondo upang iayon ang edukasyon ng bansa sa pangangailangan ng pandaigdigang kalakalan at pasinayaan ang programang unang wika bilang wikang panturo. Kasama rin sa pag-aaral ang politika ng seleksiyon ng wikang panturo sa MTB-MLE.

Sa disertasyon ni Lisa Burton (2013) na *Mother Tongue-Based Multilingual Education in the Philippines: Studying Top-Down Policy Implementation from the Bottom-Up*, siniyasat niya kung paano nauunawaan at ipinatutupad ng mga guro at magulang sa isang distrito sa Pilipinas ang MTB-MLE. Gamit ang case study, natuklasan niyang nakapokus ang pananaw ng mga magulang at guro sa pangmadaliang benepisyo ng programa na pag-unawa ng mga bata sa aralin at sa pangmatagalang desbentaha nito na pagkatuto sa wikang Bikol sa halip na Ingles. Para sa mananaliksik, may implikasyon ang ganitong pananaw sa ginagawang pangangasiwa sa programa. Kaya iminungkahi niya na sa halip na top-down approach, kailangang ipatupad ang programang pangwika sa pamamagitan ng interaksyon sa pagitan ng top at bottom.

Nagsagawa naman si Nora T. Cruz (2015) ng pag-aaral na *The Implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education in Grade 1 in the Public Elementary Schools in Pangasinan*. Sa pag-aaral, tiningnan niya ang istatus ng implementasyon ng MTB-MLE sa mga pampublikong paaralang pang-elementarya sa Division 1 ng Pangasinan. Ayon sa resulta, karamihan sa layon ng mother tongue ay hindi natutugunan. Nakita ang kahinaan sa area ng grammar, bokabularyo, at pag-unawa sa pagbasa. Higit pa rito, gumagamit ang mga guro ng iba pang wika bilang pantulong sa mother tongue.

Taong 2016, ginawa naman ni Amparo ang pag-aaral na *Ebalwasyon sa paghahanda at Pagpapatupad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education sa Iloilo City*. Layon nito na masuri at mataya ang ginawang paghahanda at pagpapalano ng DepEd Division of Iloilo City para sa implementasyon ng MTB-MLE. Natuklasan sa pag-aaral na ang mga guro ay gumagawa ng sarili nilang paraan upang maharap ang mga hamon ng implementasyon ngunit hindi pa rin malinaw sa kanila ang konsepto ng kontekstuwalisasyon at lokalisasyon. Ilan sa iminungkahi ang training at tuloy-tuloy na pagsasanay ng mga guro, pagbabahagi sa mga magulang ng mga gabay sa ortograpiya, pagpapalawak sa kaalaman ng komunidad ukol sa MTB-MLE at pagpapatibay ng pakikisangkot ng lokal na pamahalaan sa mga gawin para rito.

Samantala, nagsagawa sina Alan Williams, Romlyn Metila, Leah Angela Predilla, at Melissa Marie Diigo (2016) ng mas malawakang pag-aaral ukol sa implementasyon ng MTB-MLE sa Pilipinas. Ito ang Investigating Best Practice in MTB-MLE in the Philippines. Sa pangkalahatan, natuklasan sa pag-aaral na sinasalamin ng mga natatanging programa ng mga paaralan ang mga prinsipyo ng Effectiveness Framework. Kabilang dito ang pagtatatag ng

mga programang akma sa konteksto, paggamit ng maayos na praktis sa instruksiyon, suporta para sa lokal na produksiyon ng mga kagamitang pampagkatuto, pag-unawa sa mother tongue bilang MOI at malakas na pamumuno sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa mga paaralan. Gayumpaman natukoy rin ang mga isyu na kailangang pagtuunan ng pansin gaya ng accurate language mapping data sa mga paaralan, suporta sa produksiyon ng mga paaralan ng mga localized na materyales at pagdevelop ng mga tuntunin para sa mismatched na estudyante na hindi nagsasalita ng ginagamit na MT sa klasrum.

Karamihan sa mga nabanggit na pag-aaral ay tuwirang tumingin sa proseso ng implementasyon ng programang MTB-MLE sa mga unang taon. Natuklasan dito na maraming suliranin na kinakaharap ngunit may mga paaralan at komunidad na gumagawa ng sariling mga inisyatiba upang maibsan kundi man masolusyunan ang mga ito. Tanging ang pag-aaral ni Jocson ang nagbigay-pansin sa politika ng pagkakatatag ng MTB-MLE. Sa ganitong kalakaran, maaaring maging ambag ng papel na ito ang pagpapayaman ng batis sa pagbuo ng mga patakaran o polisiyang pangwika.

Taong 1953 ipinahayag ng UNESCO na nakapagsisilbi ang mother tongue sa iba't ibang layon sa edukasyon:

It is axiomatic that the best medium for teaching a child is his mother tongue. Psychologically, it is the system of meaningful signs that in his mind works automatically for expression and understanding. Sociologically, it is a means of identification among the members of the community to which he belongs. Educationally, he learns more quickly through it than through an unfamiliar linguistic medium. (UNESCO 11)

Noon namang 1999, nagbigay rin ng pahayag ang UNICEF ukol sa kahalagahan ng paggamit ng mother tongue bilang wikang panturo:

Experts increasingly recognize how important it is for children to use their mother tongue when they begin school. Use of this tongue validates their experiences. It helps them learn about the nature of language itself and how to use language to make sense of the world, including all aspects of the school curriculum. (UNICEF, 44)

Makikitang bago pa man itinadhana sa Pilipinas ang paggamit ng mother tongue bilang wikang panturo, isa na itong global na penomenon. Gayundin, hindi na bago sa bansa ang ideya ng paggamit ng katutubong wika bilang wikang panturo. Panahon pa lang ng Amerikano lumabas na ang mga mungkahi sa paggamit ng wikang bernakular bilang panturo. Marami ring eksperimento ang ginawa mula pa noong dekada 50 ukol sa paggamit ng mother tongue bilang wikang panturo. Taong 2009 nang inilabas ng Departamento ng Edukasyon (DepEd) ang DepEd Order No. 74 na nagtatalaga sa Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE). Inihuhudyat nito ang malaking pagbabago sa patakaran ng wikang panturo sa bansa sa kabila ng *de jure* na patakarang pangwika sa edukasyon na nakatakda sa Konstitusyon ng 1987. Ayon sa Sek.7, Art. XIV, “Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at Ingles. Ang mga wikang panrehiyon ay pantulong na mga wika roon. Dapat itaguyod nang kusa at opsyonal ang Kastila at Arabic.”

Kung babalikan ang kasaysayan ng edukasyon sa bansa, napakarami nang lumabas na patakaran ukol sa wikang panturo, at ideyal sanang ganap na ang implementasyon nito sa kasalukuyan. Malinaw sa 1987 Konstitusyon na pangunahin ang Filipino bilang opisyal na wika. Ang wikang opisyal ang wikang itinakda ng batas upang gamitin ng pamahalaan sa mga opisyal na transaksyon at korespondensiya, at wika sa sistema ng edukasyon. Nangangahulugan ito, na pangunahin dapat itong gamitin bilang wikang panturo at sumusunod lamang ang Ingles. Gayundin, gagamitin ang mga wikang katutubo bilang pantulong na mga wikang panturo. Ngunit isang realidad sa bansa ang patuloy na pag-iral ng mga suliraning pang-edukasyon. Makikita ito sa resulta ng Trends in International Mathematics and Science Study na nilahukan ng Pilipinas. (TIMSS) Sa 1999 TIMSS na nilahukan ng mga nasa ikalawang taon sa high school, nag -36th ang Pilipinas kapwa sa Math at Science mula sa 38 bansang kalahok. Noong 2003, isa pa rin muli sa pinakamababa ang Pilipinas. Ika-34 ito sa Math mula sa 38 na kalahok. Habang ika-43 sa Science mula sa 46 na kalahok. At noong 2008, pumuwesto sa ika-10 mula sa 10 lumahok sa Advance na Math at Science (Raya, 2021). Samantala isinaad din sa D.O 74 s. 2009 na sa pag-aaral ng Departamento ng Edukasyon Region IV-B (MIMAROPA) na “Double Exposure in Mathematics: a Glimpse of Mother Tongue First” napatotohanan ang mga obserbasyon na ang mga nangunang bansa sa TIMSS ay yaong mga nagturo at nagpaeksamen sa kanilang mga estudyante sa sarili nilang wika. Usapin rin ang hindi pananatili ng mga mag-aaral sa eskuwela.

Ang mga nabanggit ang ilan sa naging dahilan ng pagtatakda ng panibagong programang pangwika. Sa pamamagitan ng D.O. 74 S. 2009 itinakda ang Mother Tongue-Based Multilingual Education. Taong 2012 naman inilabas ang DepEd Order No. 16. S. 2012 na “Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education.” Dito tuwirang ipinahayag ang pagsisimula ng implementasyon ng MTB-MLE bilang bahagi ng K to 12 Basic Education Program at nagtakda ng 12 inang wika¹ at lingua franca na gagamitin bilang wikang panturo at ihahain bilang learning area. Nadagdagan naman ito ng 7 wika² sa pamamagitan ng D.O. 28 s. 2013 na “Additional Guidelines to DepEd Order No. 16, s. 2012.” Makikitang, nagtakda man ng programa noong 2009, hindi pa rin malinaw mismo sa DepEd kung paano ito isasakatuparan kaya’t ilan pang DepEd Order ang inilabas at noon pa lamang nagkaroon ng tiyak na mga panuntunan ng pagpapatupad. Noon namang 12 Disyembre 2015, ipinalabas ang DepEd Order No. 55, s. 2015 na, “Utilization of Language Mapping data” na may layong matulungan ang pagbuo ng patakaran, pagpapalano, at pagpoprograma para sa MTB-MLE. Ayon sa D.O na ito, kinakailangan ang pagtutulungan ng lahat ng level ng DepEd upang matiyak na ang mga datos na nakalap mula sa language mapping ang maging basehan ng pagbuo ng mga bagong kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto, capacity building para sa mga guro at iba pang empleyado, at pagdevelop ng estratehiyang tumutugon sa kultura ng mga mag-aaral. Tinukoy rin na layon ng kautusan na mapalakas ang implementasyon ng MTB-MLE sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga proseso sa pagpapasimula, pagpapalaganap, at paggamit ng language mapping data. Kapansin-pansin ang naunang paglikha ng programa bago pa ang pagpapagawa ng sarbey sa mga wikang ginagamit sa mga bayan-bayan at ang tiyak na paggamit ng datos mula sa language mapping.

Ang usapin ng wikang panturo ay hindi lamang usaping may kinalaman sa pedagohiya at pagkatuto. May papel na ginagampanan ang wika sa edukasyon. Ang usapin ng pagpili at pagtatakda ng wikang panturo lagi at lagi ay may dinadalang kaakibat na ideolohiya. Sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas, nagsimula ito sa monolingguwal na Ingles pagkat kolonyal ang ating edukasyon. Malinaw ang kagustuhan ng mananakop na mabihag ang isip ng mga Pilipino. Pagkatapos ng napakahabang panahon, naging bilingguwal ang wikang panturo na una’y Ingles at Pilipino noong 1974, na naging Ingles at Filipino noong 1987. Ito na ang simula ng malaking pagbabago sa wikang panturo mula sa Ingles. Ang pagkakaroon ng patakarang bilinggwal sa edukasyon ay masasabing isang tugon sa nagbabanggaang puwersa na nagtataguyod sa Ingles at wikang Pambansa bilang wikang panturo. Naroon ang

pagtataguyod sa Ingles dala ng paniniwalang ito ang mainam sa pagkatuto ng Siyensya at Matematika at instrumento sa pakikipagkomunikasyon sa buong daigdig. Samantala para sa iba, kinikilalang pinakamabisang wika para sa pag-aaral at pagkatuto ng mga Filipino ang wikang pambansa na ginagamit sa iba't ibang aspekto ng buhay at nagdadala ng kulturang Filipino. At ngayon nga, multilingguwal na ang wikang panturo. Kung ibabase sa mga nagawang pag-aaral at sa mga pahayag ng UNESCO at UNICEF, maaaring tingnan na dinadala nito ang paniniwala na pinakamainam sa aspektong sikolohiko, sosyolohiko, at edukasyonal ang paggamit ng unang wika para sa pag-aaral at pagkatuto. Krusyal ang programang pangwikang ito ng DepEd na MTB-MLE pagkat tinatangka nitong muling baguhin ang ekolohiya ng mga wikang panturo sa bansa. Inihanay na ang mother tongue sa Filipino at Ingles bilang wikang panturo sa antas primarya.

Kamakailan lamang ay inaprobahan ng Kongreso sa pinal na pagbasa ang House Bill 6717 na nagsususpende o nagpapahinto muna ng implementasyon ng MTB-MLE sa antas primarya hanggang sa matugunan daw ng DepED ang kakulangan sa mga kagamitang pampagkatuto. (Chi Philstar Global, Feb. 6, 2023) Likha nito, marapat suriin kung bakit nga ba kinailangang bumuo at magpatupad ng bagong programang pangwika sa edukasyon sa kabila ng umiiral na patakarang pangwika. Kaugnay nito, sa pagtatasa ng mga isyu o salik na nakaimpluwensiya sa pagbuo ng programang pangwika, maaaring isaalang-alang ang mga ideya ukol sa language planning na dinevelop nina Kaplan at Baldauf (1997, 2003). Para sa kanila ang pagpaplanong pangwika ay aktibidad na sumsaklaw sa maraming wika at pagbabago na umiiral nang sabay-sabay at nagsasaalang-alang kapwa sa mga salik na panglingguwistika at sa iba pang salik o sa total na ekolohiya ng kaligirang panglingguwistika (Kaplan at Baldauf 275). Ang nasabing kalagayan ang mismong umiiral sa bansa nang itindhana ang MTB-MLE. Kaugnay rin ng nabanggit na kaisipan, ihinahain din nina Baldauf na ang language policy ay hindi isang aktibidad na maiuugnay lamang sa pamahalaan. Sa halip, ang artikulasyon ng patakarang pangwika ay matatagpuan rin sa iba't ibang level o sektor sa lipunan.

Kasama sa tuon nina Baldauf ang pagpaplanong at patakarang pangwika sa edukasyon. At sa partikular iminungkahi bilang criteria ng medium of instruction (MOI) ang sumusunod na maaaring maging aspekto sa pagtalakay ng pagbuo ng programang pangwika sa edukasyon:

- **Historikal at ekolohikal na konteksto**

Hindi maihihiwalay ang wikang panturo sa panlipunan, heograpikal, at historikal na konteksto. Anumang pag-aaral sa wikang panturo at ibang aspekto ng patakarang pangwika sa edukasyon ay kailangang magbigay ng sapat na paglalarawan o pagtalakay sa sosyo-historikal na konteksto na inugatan nito. Samantala, ang diin sa ekolohiya ay nangangahulugan na lahat ng wika sa isang partikular na konteksto ay may *symbiotic* na ugnayan at ang pagbabago sa alinmang wika sa ekolohiya ay maaaring makaapekto sa kabuoan.

- **Motibasyon**

Tinutukoy nito ang mga puwersang lokal, nasyonal, at global na nagtutulak sa mga tagaplanong pangwika na bumubuo ng patakarang pangwika na magpapakilala ng mga partikular na wikang panturo.

- **Actors at Agency**

Noong una, ang actors ay mga awtoridad sa politika sa level na makro at kinakatawan ng iba't ibang ahensiya ng pamahalaan. Nitong mga huling dekada, naiba na ang konteksto ng pagpaplanong pangwika at kasama na ang mga sub-national at supra-national na level kaya't mahalagang matukoy ang mga aktor sa iba't ibang level na ito.

- **Edukasyonal, Politikal, at Panlipunang Tunguhin**

Mahalagang bahagi sa proseso ng pagbuo ng patakaran ang pagtukoy sa mga tiyak na tunguhing kapwa edukasyonal at hindi edukasyonal. Kadalasang hindi naipahahayag ang mga tunguhing walang direktang kinalaman sa pag-aaral at pagkatuto ngunit nagsisilbing malakas na tulak para sa pagbuo ng patakaran at/o programa.

- **Proseso ng Implementasyon**

Isa rin sa mga krusyal na pag-aralan kaugnay ng patakaran ang implementasyon. Ang pag-unawa sa mga proseso ay maaaring magbigay-daan sa pagdevelop ng mga uri ng patakaran sa anyo ng kurikulum, materyales at metodo, resources, personel at komunidad (Baldauf, et al. 3-8).

Sa paglalapat ng mga aspekto ng MOI na iminungkahi nina Baldauf at Kaplan, iisa-isahin ang mga salik at isyu na nakaapekto sa pagbuo ng

programang pangwika ng DepEd na Mother Tongue-Based Multilingual Education at hahantong ito sa pagtatasa rin sa mga salik na nakaimpluwensiya sa proseso ng pagbuo o pagsasabatas ng K-12 pagkat itinakdang esensiyal na bahagi ng programang K to 12 ang MTB-MLE. Itinakda sa RA 10533, Sek. 5 (f) *The Curriculum shall adhere to the principles and framework of Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) which starts from where the learners are and from what they already knew proceeding from the known to the unknown; instructional materials and capable teachers to implement the MTB-MLE curriculum shall be made available.*

A. Mga Salik na Nakaapekto sa Pagbuo ng Programang MTB-MLE na Lumundo sa K to 12

1. Historikal at ekolohikal na konteksto

Binubuo ang historikal at ekolohikal na konteksto ng mga salik na panloob at panlabas:

a. Salik na Panlabas

Makikita ito sa naging kaligiran kung bakit pumasok sa kamalayan ng mga bumubuo ng patakaran ang ideya ng MTB-MLE. Ipinahayag sa Jomtien Declaration noong 1990 ang layunin ng pagkakaroon ng akses sa edukasyon ng lahat ng tao sa buong mundo bago sumapit ang 2015 o ang Education For All.² Nakasaad sa Artikulo II ng World Declaration on Education for All, 1990, “para maihatid ang mga pangangailangan para sa pagkatuto, hindi lamang muling pagtatalaga sa basic education ang kinakailangan kundi ang expanded vision na humihigit sa mga umiiral na resources, curricula, at kumbensiyonal na sistema ng paghahatid.” Nangangahulugan ito na hinihikayat ang lahat na gumawa ng mga kaukulang pagbabago sa curricula ng basic education at sa paghahatid nito sa nakararami. Maiuugnay rin dito ang ipinapahayag sa Artikulo 5 (World Declaration on Education For All, 1990) na *Broadening the Means and Scope of Education* na ang dibersidad, pagkamasalimuot, at ang nagbabagong kalikasan ng batayang pangangailangan sa pagkatuto ng mga bata at mga kabataan ay nangangailangan ng pagpapalawak at palagiang pagbibigay pakahulugang muli sa sakop ng basic education. Sa partikular, isinaad rito na pinalalakas ng literacy sa mother tongue ang kultural na identidad at pamanang lahi.

Kitang-kita na ang deklarasyon na “Education for All” ang isa sa mga ugat ng mga pagbabagong ginawa at ipinatupad sa sistema ng edukasyon. Ngunit hindi ito rito nagtatapos. Bilang bansa namang kasapi sa ASEAN,³ kailangang tumalima ng Pilipinas sa mga kasunduang nilalahukan nito. Isa sa mga layunin ng ASEAN ang pagtataguyod ng aktibong kolaborasyon at pagtutulungan sa pamamagitan ng mga usapin ng komong interes pang-ekonomiko, panlipunan, pangkultura, teknikal, siyentipiko, at administratibong larangan. Kung sisipating mabuti ang layuning nabanggit, maiuugnay ang mga ginawang pagbabago sa sistema ng edukasyon sa mga kahingian nito na mas matatalakay kaugnay ng ASEAN Integration.

Ininabatas ang K to 12 kung saan isang mahalagang bahagi ang MTB-MLE sa konteksto ng ASEAN Integration. Bilang bahagi ng ASEAN nakatali ang Pilipinas sa mga mapagkakasunduan nito. Unang tiningnan ng mga pinuno ng ASEAN ang pagbubuo ng ASEAN Community sa 2020. Gayumpaman, sa 12th ASEAN Summit na isinagawa noong Enero 2007 sa Cebu, napagdesisyunan ng mga pinuno na pabilisin ang rehiyonal na integrasyon mula 2020 tungo 2015. Nangangahulugan itong kailangang magsagawa ng pagbabagong ekonomikal at politikal ang mga miyembro ng ASEAN upang maging mas malaya ang kalakalan sa pagitan ng mga bansa at upang maging handa at bukas ito sa mga dayuhang mamumuhunan. Makikita ang epekto nito sa bansa. Sadyang nagkumahog ang pamahalaan para tuluyang maisabatas ang

Kaugnay ng ASEAN Integration, itinatag ang ASEAN community para maabot ang integrasyon ng ekonomiya ng mga miyembrong bansa at tinukoy ang 3 haligi na magiging sandigan nito: ang Asean Political-Security Community (APSC); ASEAN Economic Community (AEC) at ASEAN Socio-Cultural Community (ASCC). May pagtatalaga ang APSC na matiyak na payapa, demokratiko, at harmonious ang ASEAN Community. Samantala, pinakalayon naman ng Asean Economic Integration ang paglikha ng AEC kung saan ang rehiyon ay magiging single market at production base, makikipagkompetensiya, magkakaroon ng equitable na pag-unlad sa ekonomiya at mai-integrate sa global na ekonomiya. Para sa mga layuning nabanggit, kinakailangang magkaroon ng malayang daloy ng mga produkto, investment/puhunan at malayang daloy ng **skilled labor at mga serbisyo** (sa akin ang diin) (ASEAN Economic Community Blueprint 4). Upang maisagawa ang malayang daloy ng skilled labor at mga serbisyo, padadalain ang pagproseso ng mga visa at working permit para sa mga propesyonal at skilled labour. Gayundin, palalakasin ang kooperasyon ng ASEAN University Network (AUN), magdedevelop ng core competencies at mga kuwalipikasyon para sa mga

trabaho at palalakasin ang kakayahan sa pananaliksik ng mga kasaping bansa (ASEAN Economic Blueprint 15-16).

Samantala ang ASCC ang magbibigay ng makataong mukha sa ASEAN. Inaasahang lilikha ito ng mapagkanlong at nagbibigayang komunidad na ang pinakalayunin ay mapagbuti ang buhay ng mga tao. Para makamit ang mga ito, may anim na sektor ang ASSC. Ito ang mga sumusunod: Human Development; Social Welfare and Protection; Social Justice and Rights; Ensuring Environmental Sustainability; Asean Identity and Development Gap.

Isinasaad sa aspektong Human Development ang pagsasaalang-alang sa kapakanan at pagpapabuti ng ikinabubuhay ng mga mamamayan ng ASEAN. Gagawin ito sa pamamagitan ng paglalaan ng pantay na access sa mga oportunidad para sa human development, pagtataguyod at pamumuhunan sa edukasyon at lifelong learning, pagsasanay sa human resource sa pamamagitan ng pagbibigay—diin sa teknikal at bokasyonal na edukasyon bilang kursong may praktikal na gamit, capacity building, paghihikayat sa inobasyon at pamumuhunan, **pagtataguyod sa paggamit ng wikang ingles**, (akin ang diin) pagpapalakas ng Information Communications Technology (ICT) at Applied Science, at teknolohiya sa sosyo-ekonomikong pag-unlad. Bahagi rin nito ang paghubog sa kamalayan ng mga kabataan na sila’y bahagi ng ASEAN at may komon na pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagtuturo ng katulad na pag-uugali, tradisyon at kultura (ASEAN Socio-cultural Community Blueprint 2-3).

Sa ganitong konteksto, makikitang kailangang umayon ng sistema ng edukasyon ng Pilipinas sa mga kahingian ng ASEAN bilang miyembro nito. Kinakailangang tumugon ng sistema para maipatupad ang malayang pagdaloy ng skilled labor at mga serbisyo.

Sa basic education, K to 12 ang naging tugon. Nirebisa ang sistema ng basic education sa bansa sa pagsasabatas ng K to 12 sa ilalim ng RA 10533. Likha nito, nagkaroon din ng malawakang pagbabago sa mga kurikulum mula kindergarten hanggang grade 12 upang umayon sa mga layunin at estratehiya ng ASSC. Sa ginawang rebisyon ng kurikulum sa K to 12, idinagdag sa Senior high school ang mga pamimiliang track ng mga estudyante at kasama rito ang Technical, Vocational, Livelihood (Tech-Voc) at Science, Technology, Engineering at Math (STEM).

Sinasabing bahagi rin ng pagsasanay sa human resource ang pagtataguyod sa paggamit ng wikang Ingles. Sa pagdadagdag ng programang MTB-MLE sa antas primarya, malinaw na saligan nito ang pilosopiyang mas mabilis matuto ang bata ng mga ikalawang wika kapag matatag ang pundasyon at pagkatuto sa unang wika. Samakatwid, ang pagpapalakas na ito sa pundasyon ng literasi ng mga bata ay maaaring nakalaan kapwa sa Filipino at Ingles bilang mga ikalawang wika. Dahil kung hindi, maaaring ipinagpatuloy pa ang pagpapagamit ng mother tongue bilang wikang panturo at pagtuturo nito bilang subjek lampas sa grado 3. Ang pagbabago sa antas primarya ay may tutok pa rin na mga target na wikang Filipino at Ingles sapagkat magiging mga wikang panturo ang mga ito mula Grade 4.

b. Salik na Panloob

Pagdating sa loob ng bansa, hindi tuwirang tinukoy na ang mga nabanggit ang siya lamang salalayan ng mga isinagawang pagbabago. Sa halip, nagsagawa pa ng mga malawakang pag-aaral sa Sistema ng edukasyon na ang mga nabuong rekomendasyon ay umaayon din sa mga kahingian ng ASEAN at EFA.

Nilikha ang Congressional Commission on education (EDCOM)⁴ noong 1990 para irebyu ang kalagayan ng edukasyon sa bansa. Kasama sa mga pangkalahatang rekomendasyon ng komite ang pagpapalawig ng access sa edukasyon, pagpapataas ng kalidad at pagiging angkop ng edukasyon sa partikular ang pagdevelop ng kurikulum na learner oriented at kontekstuwalisado; pag-institute ng mga teknikal at bokasyonal na kurso; paggamit ng wikang bernakular sa lahat ng subjek mula grade 1-3 samantalang Filipino ang pantulong na wikang panturo at hiwalay na subjek mula grade 1 hanggang fourth year high school, simula grade 3, ituturo ang Ingles bilang subjek hanggang high school samantalang simula grade 4 hanggang fourth year, Filipino ang magiging wikang panturo sa lahat ng subjek maliban sa Ingles.

Sa puntong ito pa lamang, makikita na naroon ang ugat ng mga elementong matatagpuan sa MTB-MLE at K to 12. Naroon ang rekomendasyon ng paggamit ng bernakular na wika bilang wikang panturo, ang pagkokontekstuwalisa ng mga aralin at pagdevelop ng teknikal at bokasyonal na edukasyon.

Sinundan ito ng administrasyong Estrada ng isa na namang pag-aaral sa sistema ng edukasyon na may tanaw sa pagpapakilala ng mga reporma. Kasama sa siyam na proposal ng Presidential Commission on Educational

Reform (PCER) Agenda for Reforms ang Proposal No. 4: Establishment of a One Year Pre-Baccalaureate System. Iminumungkahi ang isang taon sa pagitan ng sekundaryang edukasyon at tersiyaryong edukasyon upang makahabol o makapantay ang Pilipinas sa ibang bansa at mas maihanda rin ang mga mag-aaral sa tersiyaryong edukasyon at mabawasan ang mga drop-out.

Samantala, ang Proposal No. 7 naman ay: Expanding the Options for Medium of Instructions in Grade 1 through the Use of the Regional Lingua Franca or the Vernacular. Layon ng proposal na ipakilala ang paggamit ng rehiyonal na lingua franca o bernakular bilang wikang panturo sa Grade one. Ayon daw sa mga pag-aaral, pinananatili nito ang mga estudyante sa paaralan, sa halip na mag-drop-out, mas napagbubuti, napapabilis at nagiging permanente rin ang kanilang pagkatuto, at magagamit ang unang wika bilang tulay sa mas epektibong pagkatuto ng Ingles at Filipino. Gayundin, inaasahang masusuhayan ang kognitibong pag-unlad. (PCER 60)

Makikita mula sa inisa-isang suliranin sa sistema ng edukasyon, kasunduang kinapapalooban ng Pilipinas at mungkahing solusyon na paggamit ng unang wika o rehiyonal na lingua franca bilang wikang panturo na naiparating na sa mga tao, sa mga kinauukulan ang usapin ukol sa paggamit ng mother tongue bilang wikang panturo. Gayundin, may tuwiran nang mungkahi sa pagdaragdag ng isang taon sa pag-aaral.

Matapos ang PCER, taong 2000, nagkaroon muli ng World Education Forum sa Dakar, Senegal kung saan nagkaroon ng muling pagtatalaga ng komitment sa pagtatamo ng Education for All ang Pilipinas kasama ng ibang bansa. At base sa Dakar framework, bumuo ang bansa ng Philippine EFA 2015 Action Plan na “Functionally Literate Filipinos, An Educated Nation.” Ito ang nagsilbing *overarching framework* sa basic education. Nagbigay diin ito sa pangangailangan na maghain ng basic education para sa lahat (Philippine Education For All 2015 3)

Samantala, sa naging kampanya ng dating Pangulong Benigno Aquino III para sa pagkapangulo, isinaad niyang puhunan ang tingin sa edukasyon. At para maipakita ang kaniyang komitment, naglatag siya ng 10 point agenda para sa edukasyon: 12 taon na basic education cycle; unibersal na pre-schooling para sa lahat; Madaris Education bilang sub-system; bawat bata ay mambabasa sa grade 1; proficiency sa Siyensiya at Matematika; Tulong sa mga pribadong paaralan bilang katuwang sa basic education; rationalized na wikang panturo; de-kalidad na mga textbook; at pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan na magtayo pa ng mas maraming paaralan. Sa puntong ito makikitang Pangulo

pa rin ng Pilipinas ang nangunang tagapagtaguyod ng pagbabago sa edukasyon. Naisagawa ito simula sa kampanya, pagpapasa sa Kongreso hanggang sa tuluyang pagsasabatas.

Kung susumahin mula sa mga salik panlabas na nabanggit gaya ng EFA at ASEAN Integration, makikitang nagbunsod ito ng tugon mula sa loob sa anyo ng mga pag-aaral na EDCOM na tuwirang nagmungkahi ng paggamit ng bernakular sa pagtuturo ng lahat ng subjek mula Grade 1 hanggang Grade 3. Samantalang kasama sa mga proposal ng PCER ang paggamit ng bernakular o rehiyonal na lingua franca sa grade 1. Sa kahulihan napaloob ang mga ito sa agendang isinulong ng Pangulo. Gayumpaman, hindi basta-basta ang magagawang pagsunod. Sa pagbabalik sa kasaysayan, makikitang naidaan sa proseso ng mga pag-aaral, pagmumungkahi ang mga ginawang pagbabago.

2. *Motibasyon*

Parsiyal na mahahango sa kontekstong historikal ang motibasyon ng mga isinagawang programa sa edukasyon. Ngunit kung mas susuriin pa, mahahati sa mga puwersang lokal, nasyonal at global ang mga nagsisilbing motibasyon sa paglikha ng programang pangwika.

Ang mga lokal na pag-aaral gaya ng Iloilo Experiment, Rizal experiment, Lubuagan First Language Component ay ilan lamang sa halimbawa. Ang mga resulta sa pag-aaral na sumususog ukol sa kainaman ng paggamit ng L1 o mother tongue sa mga unang taon ng pag-aaral at pagkatuto ng bata ay kasama sa mga dahilang isinaad sa pagtatakda ng programang pangwika na MTB-MLE.

Mahahango sa mismong order na pinagbatayan rin ng programa ang mga pananaliksik na isinagawa pagkat tahasang isinaad sa D.O. 74, S. 2009 na: “The preponderance of local and international research consistent with the Basic Education Sector Reform Agenda (BESRA) recommendations affirms the benefits and relevance of MLE. Notable empirical Studies like the lingua Franca Project and Lubuagan First Language Component show that: 1) First, learners learn to read more quickly when in their first language (L1); 2) Second, pupils who have learned to read and write in their first language learn to speak , read, and write in a second language (L2) and third language more quickly than those who are taught in a second or third language first; and 3) Third, in terms of cognitive development and its effects in other academic areas, pupils taught to read and write in their first language acquire such competencies more quickly”.

Samantala, ayon naman kay dating Usec Dina Ocampo (2019), naging malaking palaisipan sa kaniya ang hindi pagkatuto ng mga bata ng pagbabasa nang maayos. At batay sa BESRA na isang policy recommendatory research na kanilang isinagawa, mahalaga ang pagsisimula sa wika ng bata sa pagkatuto ng ibang wika at literasi.

Sa mga puwersang nasyonal, papasok pa ring muli ang mga malawakang pag-aaral sa sistema ng edukasyon na isinagawa gaya nga ng EDCOM at PCER. Makikitang binabalik-balikan ng mga lumilikha ng programa ang mga rekomendasyon na isinulong ng dalawang pag-aaral. Higit pa rito mahahango rin ang nasyonal na puwersa sa mga tunguhing inilatag mismo ng pamahalaan gaya ng 10 - point agenda at Philippine Development Plan na mas tatalakayin sa mga susunod na salik.

Samantala, natukoy na rin ang mga global na puwersa sa historical na konteksto na Education For All at ASEAN Integration. Ito nga ang mga kasunduang nilagdaan at pinasukan ng pamahalaan na kailangang tuparin ayon sa naitakdang panahon. Pinatotohanan rin ito ni Villaneza, point person para sa MTB-MLE, na resulta ito ng mga pag-aaral na isinagawa ng UNESCO, UNICEF at World Bank. Naging batayan din daw ang mababang achievement at performance ng mga bata at ang pagiging non-reader ng karamihan. (Villaneza, 2018)

Hindi maihihiwalay sa historikal na konteksto ang mga motibasyon para sa pagbuo ng programang MTB-MLE at K to 12. Gayundin makikitang ang mga motibasyong ito ang mismong nagtulak sa mga actor na kumilos at gamitin ang kanilang agency upang makaimpluwensiya sa pagbuo at pagtatakda ng mga programa.

3. Actors at Agency

a. Pangulo

Una, malinaw na pangunahing aktor ang pinakamataas na opisyal ng bansa, ang Pangulo, sa kaso ng MTB-MLE at K to 12. Ibig sabihin, pangunahing gumamit ng kanilang ahensiya, posisyon, at kapangyarihan upang maigiya ang mga lilikhaing pagbabago sa sistema ng edukasyon alinsunod sa mga kasunduang kinapalooban ng bansa. Sa ilalim ni dáting Pangulong

Corazon Aquino nabuo ang EDCOM samantalang sa ilalim ni Pangulong Joseph Ejercito Estrada naman umiral ang PCER.

Habang, sa ilalim ni Pangulong Benigno Aquino III, masugid na naisulong ang K to 12 kung saan nakapaloob ang MTB-MLE alinsunod sa 10-point agenda sa edukasyon. Tuwirang nakasaad sa nabanggit nang 10-point agenda ang paggamit ng mother tongue sa pagtuturo na siyang ubod ng MTB-MLE at mga naging pangunahing katangian ng programang K to 12. Hindi man tuwirang makikita ang interbensiyon ng pangulo sa paghubog ng mga programang pangwika, maaaring mahango mula sa mga nailatag at sa mga susunod na aktor na lahat ng pagkilos ay nakatuon upang masuportahan ang mismong isinaad na agenda ng pangulo.

b. Mga Mambabatas

Makikita ring bahagi ang mga mambabatas, kongresista, at senador bilang mga aktor. Sa kaso ng EDCOM, nagsimula ang panukalang pagbubuo ng komite sa kongreso hanggang sa nakapaghain ito ng mga mungkahing maaaring ituring na mga punla ng MTB-MLE at K to 12.

Sa taong 2012 at 2013, nagpalabas ng implementing guidelines para sa MTB-MLE kung saan nagtakda ng mga wika na gagamitin bilang MT. Bukod sa mga datos mula sa Komisyon ng Wikang Filipino, natukoy rin na kasama sa naging batayan ng pagtatakda ng mga MT ang mga wikang isinulong ng mga Kinatawan ng ilang lalawigan, kaugnay ng isinusulong na budget ng DepEd. (Ocampo, 2019)

Taong 2012 rin unang pinasimulan ang implementasyon ng MTB-MLE. Gayundin napasimulan na ang implementasyon ng programang K to 12, habang sa taong 2012 ay ipinanukala at dininig pa lamang ito sa Kongreso at Senado.

Mahalaga ang papel ng mga mambabatas upang maisulong ang panukalang batas na nagmula naman sa DepEd. Sa ahensiya, ang legislative liaison ang pinal na sumusulat o bumubuo ng batas ngunit kailangan itong iikot sa mga mambabatas upang makakausap at makakuha ng sponsor ng bill. Mananatiling panukala lamang ito kung hindi magiging masigasig ang pagsusulong sa Kongreso. (Ocampo, 2019)

Sa pagdinig sa Kongreso, sa panahon ng sponsorship at debate, ipinarating ng ilang kongresista sa pamamagitan ng mga katanungan at sariling

opinyon ang kanilang pananaw at pinaniniwalaang mga dapat isaalang-alang ukol sa ipinapanukalang batas. Makikita mismo rito ang mga bagay na isinaalang-alang ng mga mambabatas sa tuluyang pagsasabatas ng K to 12 kung saan bahagi ang programang pangwika ng DepEd na MTB-MLE.

Sa mga naganap na debate at talakayan ukol sa K to 12, maisusuma sa sumusunod ang mga isyung kinuwestiyon at isinaalang-alang ng mga mambabatas na may kaugnayan sa programang pangwikang MTB-MLE na nakapaloob sa K to 12:

- **Kahandaan/Availability ng resources**

Tinukoy ni Rep. Erico Aristotle ang mababang sahod ng mga guro at ang kakulangan sa mga klasrum. Habang binigyan ng pansin naman ni Rep. Joel Mayo ang mga kakailanganing karagdagang mga guro, libro, equipment, at internet connection para 21st century learner.

- **Nauna nang implementasyon bago ang pagsasabatas**

Kapwa tinukoy at kinuwestiyon nina Rep. Luzviminda Ilagan at Rep. Antonio Tinio ang nauna nang implementasyon ng programang K to 12 bago ang pagsasabatas nito.

- **Bilang ng mga Estudyanteng Magtutuloy sa Kolehiyo o Mababang completion Rate**

Tinukoy ni Rep. Tinio ang mababang completion rate sa elementary at lalo pa sa high school na higit pang palalain ng karagdagang dalawang taon na senior high school.

- **Tunguhin ng mga lilingang kasanayan na waring tugon lamang sa labor export policy ng bansa at kahingian ng globalisasyon**

Pinansin ni Rep. Palatino ang nakasaad sa panukalang batas na *“The ten (10) years basic education cycle hinders the recognition of Filipino Professionals abroad by virtue of international agreements and standards requiring 12 years of basic education...”* Kaugnay nito, kinuwestiyon niya kung sino dapat ang makikinabang sa panukalang batas.

- **Pagmamadali**

Pinansin din ni Rep. Palatino ang tila pagmamadali sa pagpapasabatas ng K to 12. Tinugon naman ni Rep. Rosenda Ann Ocampo ang mga katanungan at isyung tinalakay ng mga kapwa kongresista sa pamamagitan ng sumusunod:

- *Kahandaan/Availability ng resources*

Tinukoy na malaki man ang kakulangan sa mga gusali at klasrum, may mga ahensiyang tumutulong sa DepEd gaya ng PAGCOR.

- *Nauna nang implementasyon bago ang pagsasabatas*

Pinatotohanan lamang ni Rep. Ocampo na mayroon na ngang implementasyon. Sa partikular, sinabing ipinapatupad para sa Akademikong Taon 2012-2013 ang bagong kurikulum para sa Grade 1 at Grade 7.

- *Bilang ng mga Estudyanteng Magtutuloy sa Kolehiyo*

Nilinaw niya na ginagawang relevant ng K to 12 ang kurikulum sa lahat ng uri ng mag-aaral at una **sa pamamagitan ng mother tongue** kung saan pinakanatututo ang mga bata. (akin ang diin)

- *Tunguhin ng mga lilingang kasanayan na waring tugon lamang sa labor export policy ng bansa at kahingian ng globalisasyon*

Pinangatwiran naman ni Ocampo na natukoy ang mga kursong ihahain ayon sa pangangailangan ng umiiral na job market. Sa partikular, tinukoy ang mga industriyalisado at mayayamang bansang may matatandang populasyong nangangailangan ng pangangalaga o pagkalinga.

Sinabi ni Ocampo na kailangan ng political will ng Kongreso at kailangan ang pamunuan upang matiyak na maibibigay ang kinakailangang resources. Sa partikular sinabi pa ni Ocampo na:

Rep. Ocampo na hindi maaaring maghintay. *“There is no more time for us to wait to implement these reforms on education **given the imprimatur of the President** prioritizing the enhancement of the curriculum of our educational system, followed by the support of this Congress to approve this proposal into bill and through that, ensure that in every budget consideration henceforth, we will give the necessary funds to complement and implement the goals set forth by the K to 12 program.”* (sa akin ang diin) (15th Congress, third regular session, Vol. 1 No.24)

Lantad na lantad sa pahayag na ito ang matinding pressure mula mismo sa Pangulo ng Pilipinas na siyang nagnanais na maisabatas at tuluyan ngang maipatupad ang pagbabago sa sistema ng batayang edukasyon. Makikita rin sa pahayag ang pagiging aktor ng Pangulo hindi man tuwiran ang naging aksiyon.

Samantala sa Senado, inihain naman ang Senate Bill No. 3286 na pinamagatang “An Act Enhancing The Philippine Basic Education System by

Strengthening its Curriculum and Increasing the Number of Years for Basic Education, Appropriating Funds therefore and for other purposes.” Sa sponsorship ni Senador Edgardo Angara, isinaad niya ang ilang pinakatampok na katangian ng programa:

- Pinalalakas ng K to 12 ang early childhood education.
- Ginagawang relevant ng K to 12 ang curriculum sa lahat ng uri ng mag-aaral. Ito ay ginawang tugma sa edad at sensitibo sa kultura at kasarian.
- Pinalalago ng K to 12 ang proficiency sa pamamagitan ng wika. **Kinikilalang malakas na instrumento ang mother tongue sa pagtatamo ng kaalaman, kasanayan, at competencies sa iba pang area ng pagkatuto kasama na ang wika.** (akin ang diin)
- Nakatuon sa hinaharap ang K to 12. Sa partikular, naglalaan ang senior high school ng espesyalisadong sekondaryang edukasyon na naghahanda sa mga mag-aaral sa iba’t bang career path. (Angara, 2012)

Sa bahagi ng interpellation, tanging si Senador Antonio Trillanes IV lamang ang nagpahayag ng mga katanungan at humingi ng mga paglilinaw. Kung ihahambing ang mga puntong isinaad ni Sen. Trillanes, (2012) ilan sa mga ito ay halos kapareho rin ng mga katanugang lumabas sa Kongreso. Naiba lamang sa punto ni Sen. Antonio Trillanes na may kinalaman sa wika ay ang pag-usisa sa paggawa ng pilot testing ng DepEd bago ang pag-a-adopt at pagsusulong ng implementasyon ng programa. Tinugon ito ni Angara na, *“There is a mother tongue-based multilingual education study piloted in 921 schools in the Philippines for 12 languages. There is a Technical Vocational Education Strengthening Program which began in 2005 and is still ongoing up to this time in 282 secondary schools. And there are senior high schools modeling in schemes being undertaken in 30 schools.”* (2012)

At noong 30 Enero 2013, naipasá sa Senado at sa Kamara ang konsolidasyon ng Senate Bill No. 3286 at House Bill No. 6643 na Republic Act 10533 o mas kilala bilang K to 12. Sa kabila ng mga katanungan at ng mga isyung ipinunto at binigyang-diin ng mga Kongresista at Senador lalo pa ang tila pagmamadali ng mga tagapagsulong ng batas, mabilis pa rin ang pagsasabatas ng programang K to 12 kung saan bahagi ang programang pangwika ng DepEd na MTB-MLE.

c. Mga Kalihim ng DepEd

Pangunahing aktor sa DepEd ang Kalihim nito. Gayumpaman gaya ng nailarawan sa kaso ng Pangulo at mga mambabatas, hindi mahihiwalay sa malawakang plano ng Pangulo ang namumuno ng DepEd pagkat ang Pangulo ng bansa ang mismong nagtatalaga sa mga kalihim ng departamento. Gayundin makikita sa sumusunod na pagtalakay na ang mismong isinulong mga kalihim ay umayon sa kasunduang kinapalooban ng bansa at sa agenda ng Pangulo para sa edukasyon kung bahagi ang may kinalaman sa wikang panturo.

Si Sek. Jesli Lapuz, ang Kalihim ng DepED nang ipinalabas ang D.O. 74. S. 2009. Ayon sa kaniya, batay sa mga pag-aaral na:

- mas madaling matutong magbasa ang mga mag-aaral sa kanilang unang wikang L1 kaysa ikalawang wika L2;
- ang mga mag-aaral na nagsisimulang magsalita, magbasa at magsulat sa kanilang L1 ay mas mabilis matuto ng L2 gaya ng Ingles;
- mas mabilis madebelop ang mga kasanayang kognitibo, linggwistik, at ng mga mag-aaral sa L1 kaysa sa L2.

Magkagayunman, hindi pa rin maihihiwalay ang mga kaisipan at pagkilos ng kalihim sa mga kontekstong umiimpluwensiya rito. Sa isang press release ng DepEd noong 20 Enero 2010, sinagot ni Lapus ang nailathala ng *Philippine Daily Inquirer* na mga pag-aagam-agam ng UNESCO ukol sa pag-abot ng bansa sa mga layon ng EFA. Ayon sa kaniya, “The Philippines continues to implement education reforms as it remains on track in meeting its Education For All Goal in 2015, the deadline set by the United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO).” (mlephil.wordpress.com) Ipinapakita lamang nito na malay ang kalihim sa mga tunguhing dapat makamit ng sektor ng edukasyon at kumikilos siya tungo sa pagtupad sa kasunduan at pag-abot sa mga nailatag na tunguhin.

Si Bro. Armin Luistro na nagsilbing Kalihim ng Edukasyon sa Panahon ni Pangulong Aquino ang siya ring naging major proponent ng K to 12. Noong 2010, pagka-anunsiyo niya ng K to 12, binuo na ang National Education Committee na kinabilangan ng CHED, TESDA at DepEd na siyang gumawa ng plano. Kasama rin siya sa mismong narinig at nabasang nagpapaliwang ng bagong panukalang pagbabago sa sistema ng edukasyon sa iba’t ibang forum sa bansa.

d. Mga Iskolar at/o Akademiko

Ayon pa rin kay Dr. Ocampo, (2019), inihain niya at ng kaniyang mga kasamahan ang naging resulta ng kanilang pag-aaral sa BESRA kay Sek. Jesli Lapuz. Pangunahin nga sa posisyong kanilang isinulong ang kahalagahan ng paggamit ng 'child's language' sa mga unang taon ng pagkatuto at pag-aaral. Ngunit bukod rito, tinukoy rin niyang aktibo noon Si Dr. Nolasco at ang iba pa nitong kasamahan na nagsusulong ng mother tongue bilang wikang panturo.

Malinaw na ang Kalihim ang tuwirang nagtatakda para mabuo at maipatupad ang mga programa ngunit may iba pa ring aktor na nagtutulak at nakakaimpluwensiya sa kanila. Nabanggit rin sa panayam ang grupo nina Dr. Ricardo Nolasco na siyang naging unang partner ng DepEd sa pagbalangkas ng kautusan sa tulong rin ni Diane Dekker na bahagi ng SIL na gumawa ng Lubuagan First Language Component na pag-aaral. (Ocampo, 2019).

e. Mga Negosyante

Ang Philippine Business for Education ay isang organisasyong binubuo ng mga CEO ng mga pinakamalalaking kompanya sa bansa na itinatag noong 2006. Sinasabing tugon ito ng business community sa pangangailangan sa higit na alignment o pagtutugma ng pangangailangan ng ekonomiya at ng edukasyon. Hinihikayat nila ang industriya at akademya na i-equip ang mga magtatapos sa competencies na kailangan sa global na ekonomiya. Gayundin tinitiyak na matututuhan ang mga kasanayan na kinakailangan ng mga industriya. (Philippine Business for Education. pbed.com)

Kaugnay nito, lumikha ang Pbed ng 10-point agenda para sa edukasyon at ihinain ito sa lahat ng tumatakbo para sa pagkapangulo noong 2010. Sila ang mismong bumuo ng mga tinataya nilang dapat tahakin ng edukasyon upang masagot ang kahingian ng kanilang sektor. Ini-adopt ito ni Pangulong Benigno Aquino III at kaniyang aktibong isinulong. (Ocampo, 2019) Makikita rito na may malakas na impluwensiya ang sektor ng negosyo sa Pangulo. Naisulong nila ang kanilang mga ninanais na pagbabago at/o kahingian sa sistema ng edukasyon sa pamamagitan nito.

Makikita na may ambag ang inisa-isang aktor sa pagbuo at pagtatakda ng programang pangwika. Sa usapin ng pagpaplanong pangwika, hindi nagmumula ang anumang patakaran sa kawalan.

4. *Edukasyonal, Politik, at Panlipunang Tunguhin*

a. Edukasyonal

Sa mga nakaraang pagtalakay nabanggit na lubhang nakakuha ng atensiyon ang mga suliranin sa drop-out rate, mababang resulta sa mga achievement test sa Siyensiya, Matematika, at Wika. Lumabas din ang mga isyu ng congested na kurikulum, kakulangan sa mga klasrum, textbook, at materyales at tinatayang isa sa naging sagot dito ang MTB-MLE pagkat sa partikular ipinahayag sa D.O. 74 s, 2009 na ang mga findings o natuklasan sa iba't ibang lokal na inisyatiba at internasyonal na pag-aaral sa basic education ay nakapagpatotoo sa superyoridad ng paggamit ng mother tongue o unang wika sa pagpapabuti ng learning outcomes at pagpapalaganap ng Education For All. Sa puntong ito malinaw na tinitingnang salik na maaaring maging bahagi sa paglutas ng suliranin sa sistema ng edukasyon ang programang MTB-MLE. Higit pa rito, isinaad na ang layon ng programa ay ang pagpapataas o pagpapabuti ng learning outcomes at pagpapalaganap ng Education For All.

Gayundin, tuwirang ipinahayag na layon ng MTB-MLE na mapagbuti o mapaangat ang wika at kognitibong debelopment ng estudyante at ang kanyang sosyo-kultural na kamulatan. (D.O. No. 16, s. 2012)

Samantala, makikita naman na hindi nahihawalay ang mga edukasyonal na tunguhing inilatag sa K to 12 sa mga nabanggit nang motibasyon. Isa sa pangunahing katangian nito ang pagpapalakas ng early childhood education sa pamamagitan ng Universal Kindergarten. Bukod rito, sinabing layon ng programang K to 12 na makapagprodyus ng mga graduate na Pilipino na nahubog nang holistiko, may kasanayan sa 21st century skills, handa sa mas mataas na pagkatuto, middle-level skills development, pag-eempleyo o kaya naman ay pamumuhunan. Ang mga lilingang kasanayang ito at ang pagdaragdag ng dalawang taon na senior high school ay bahagi rin nito. Tinitiyak na makaagapay ang bansa sa mga internasyonal na istandard at mabigyan ng karagdagang kahandaan ang mga mag-aaral sa kanilang tatahaking kurso sa kolehiyo. (RA 10533)

Sa pagsusuma, ang literasi at functional literacy, pagpapabuti ng learning outcomes, pagpapalakas ng early childhood education, paglinang na holistiko, paglinang ng middle level skills at pag-agapay sa mga internasyonal na istandard ang mga natukoy na edukasyonal na tunguhin.

b. Politikang at Panlipunang Tunguhin

Dalumat ng Philippine Development Plan 2011-2016 ang inclusive growth na nangangahulugang pagpapataas ng ekonomiya na napananatili, nakalilikha ng maraming trabaho at nakababawas sa kahirapan. Kaugnay nito, itinuturing na mga paraan upang matamo ang 'inclusive growth' kapwa ang pisikal na pamumuhunan at pamumuhunan sa human resource ng bansa (Philippine Development Plan 24). Matatandaang ang pamumuhunang ito sa human resource ay una namang nailatag sa ASEAN Integration.

Isa pang paraan para matamo ang 'inclusive growth' ay sa pamamagitan ng 'employment generation' kapwa sa namamasukan at sa self-employed. Maaaring nasa anyo ito ng self-employment, sa mga kompanya, sa mga tahanan, lokal na komunidad sa bansa o sa labas ng bansa. Indirekta ring masusuhayan ang pagpapalago sa employment sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga aktibidad na nag-eexploit sa comparative advantage ng bansa sa mas labor intensive na mga gawain. Bahagi nito ang mga produkto at mga serbisyo na nakikikompetensiya sa pandaigdigang pamilihan (28). Bahagi ng pandaigdigang pamilihan ang Business Process Outsourcing (BPO) na itinuturing na puwersa para sa paglago ng ekonomiya at paglikha ng mga trabaho (66). Likha pa rin nito, nakikita ng pamahalaan ang pangangailangang na 'ma-harmonize' ang sistema ng edukasyon sa mganagbabagong pangangailangan ng nasabing industriya." (88)

At upang maisakatuparan ang mga nabanggit na tunguhin, kasama sa mga inihain sa Phil. Development Plan ang sumusunod: 1) Muling pagtatalaga ng pinakamataas na prioridad sa basic education bilang karapatan ng mga Pilipino; 2) **Pagbutihin ang pagkatuto sa mga unang baitang sa pamamagitan ng paggamit ng mother tongue bilang wika ng pagkatuto at mapataas ang pananatili, pagtatapos at achievement ng mga estudyante**; at 3) Tiyakin na ang estruktura at programa para sa pormal na basic education sa loob ng dalumat ng Kindergarten to 12 (K to 12) ay sapat at makatutugon sa: legal at iba pang pormal na kahingian sa pagtatrabaho, makapasá sa mga ekasamen ng global comparability at maihanda ang mga estudyante sa pag-cempleyo.

Ang layong edukasyonal ay ikinabit sa layong politikal na sumunod sa nilagdaang internasyonal na kasunduan at sa layong panlipunan at pang-ekonomiya na makapaghandang sa human resource para sa bokasyonal na trabaho sa loob ng bansa o sa mga serbisyong kinakailangan sa labas ng bansa.

Magkakasalikop ang mga tunguhin ngunit ipinapangibabaw ang edukasyonal na tunguhin.

5. Implementasyon

a. MTB-MLE

Itinakda ang paggamit ng L1 bilang pangunahing wikang panturo mula pre-school hanggang Grade 3. Sa panahong ito L1 ang gagamiting pangunahing wikang panturo sa lahat ng subject area gaya ng Science, Math, Makabayan at sa mga wika gaya ng Filipino at Ingles. Samantala, ang mother tongue bilang subjek ay ipakikilala sa Grade 1 para sa konseptuwal na pag-unawa. Ang pagdaragdag naman o pagpapakilala ng ibang wika gaya ng Filipino at Ingles ay gagawin nang hindi aaga sa Grade 2. At sa sekundaryang lebel, Filipino at Ingles ang magiging pangunahing wikang panturo at magiging pantulong na wikang panturo ang L1. Ito ang pangkalahatang tuntunin sa paggamit at pagpapatupad ng MTB- MLE.

Sa D.O. 74 s. 2009, kapansin-pansin ang paraan na top-down na implementasyon. Nagsisimula ang direktiba mula sa sentral na tanggapan ng DepEd at hinikayat lahat ng Rehiyonal na Direktor at Superintendente na itaguyod at hikayatin ang lokal na partisipasyon sa sumusunod na esensyal na suporta para sa MLE sa loob ng dalumat ng school-based management at sa suporta ng mga lokal na pamahalaan:

1. Pormulasyon ng mga eskemang espesipiko sa mga rehiyon upang kilalanin at mainstitusyonalisa ang inisyatiba ng mga paaralan at lokalidad sa pamamagitan ng angkop na insentibo o policy support sa pagdebelop ng MLE tungo sa pinansiyal at instruksiyonal na self-reliance;
2. Probisyon para sa oryentasyon at oportunidad sa pagsasanay kasama na ang exposure sa mga naging matagumpay na modelo ng MLE;
3. Awtorisasyon sa utilisasyon ng Maintenance and Other Operating Expenses (MOOE), school board funds, at iba pang education improvement funds para sa pagpapalano at implementasyon ng mga program sa MLE ayon sa sumusunod na pagkakahanay batay sa prioridad: (1) gawaing adbokasiya at mobilisasyon ng

komunidad; (2) development ng working orthography ng lokal na wika; (3) oryentasyon sa MLE at pagsasanay sa mga guro (4) pagdebelop, pagprint, at pamamahagi ng guide ng mga guro o tagapagdaloy; (5) mga babasahin at iba pang kagamitang pampagkatuto; (6) pagdebelop ng assessment tools; at (7) ebalwasyon at monitoring ng learning outcomes, at;

4. Pagtatatag ng MLE technical working group sa mga dibisyon at rehiyonal na lebel upang mapangasiwaan ang pagpaplano, monitoring, at ebalwasyon ng MLE. (DO 74 S. 2009)

Gayumpaman, kung susuriin ang mga naunang inisa-isa ng DepEd na kahingian, ang siya lamang na inilatag nilang gigiya sa implementasyon. Wala pang pagtitiyak o pag-iisa-isa sa kung paano talaga ipatutupad ang ipinalabas na patakaran. Iniiwan naman sa ibaba, sa mga rehiyon at dibisyon ang kani-kanilang pagpaplano at pagkilos sa kung paano maisasagawa ang mga kahingian. Gayundin ang mismong mga guideline para sa implementasyon ng MTB-MLE ay inilabas lamang noong 2012 at 2013 samantalang ang programa ay itinakda na noong 2009.

b. K to 12

Sa Akademikong Taon 2011-2012, pinasimulan ang Universal Kindergarten. Gayundin gagawin nang phases ang implementasyon ng programa sa mga pampublikong paaralan na sisimulan rin sa parehong Akademik Taon sa mga papasok ng Grade 1 at sa mga 1st year Junior High School na estudyante o Grade 7. Sa taong 2018 naman ang unang batch ng mga magtatapos ng Grade 6 at Grade 12.

At para naman sa mismong kurikulum, taong 2011-2012, inorganisa ang mga convenor. Nagpasok ang DepEd ng mga espesyalistang eksternal upang makatulong sa artikulasyon ng kurikulum. Nagkaroon ng hiwa-hiwalay na team para sa grade school, high school, at senior high school. Bukod rito, nagpasimula rin ng pagpapagawa ng working orthography matapos ilabas ang implementing guidelines ng MTB-MLE. Naging mahirap lamang ang nasabing proseso likha ng hindi pagkakasundo ng mga language advocate at linguistic process. Nagkaroon rin ng mga speakers bureaus para magpaliwanag sa publiko ng bagong Sistema sa basic education (Ocampo, 2019).

Gaya ng sa MTB-MLE, napatunayan sa mga debate sa pagsasabatas ng K to 12 na bago pa man tuluyang maipasa ang batas ay napasimulan na itong ipatupad sa Akademikong Taon 2012-2013. Sa natural na ayos ng mga bagay-bagay, lohikal na mauna ang programa o ang batas bago ang mismong implementasyon.

Paglalagom

Naipakita na ang programa/mga programang pang-edukasyong ito ay may tiyak na kaligiran. Hinubog ito ng kasaysayan at ng mga salik na sosyo-politikal. Kapwa panloob at panlabas ang mga salik na ito. Sa 10-point agenda na inilatag ng dating Pangulong Benigno Aquino III, bahagi nito ang: 12 taong cycle ng basic education; unibersal na pre-school at paggamit ng mother tongue sa pagtuturo. Bahagi rin ito ng Phil. Development plan kung saan tinitingnang paraan ng pagtamo ng inclusive growth ang pamumuhunan sa human resource sa pamamagitan ng edukasyon. Isinulong ang K to 12 sa sistema ng edukasyon para makatugon sa mga kahingian sa pagtatrabaho at/o pag-eeempleyo. Tunguhin din nito ang pagpasa ng mga magtatapos sa eksamen ng global comparability. Isinabatas ang K to 12 sa konteksto ng ASEAN Integration. Sa ganitong konteksto, makikitang kailangang umayon ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas sa mga kahingian ng ASEAN bilang miyembro nito. Kinakailangang tumugon ng sistema para maipatupad ang malayang pagdaloy ng skilled labor at mga serbisyo.

Sa pagsusuma, ang mga politikal at pang-ekonomiyang kasunduan na kinapalooban ng Pilipinas at ang mga kahingian at tunguhing edukasyonal at pang-ekonomiko ang nagsilbing konteksto at nagkaroon ng malaking epekto sa sistema ng edukasyon sa bansa na nagbunsod sa pagkakabuo at pagapapatupad ng programang MTB-MLE at pagsasabatas ng RA 10533 na kilala bilang K to 12.

Hindi nawawala ang mga tunguhing edukasyonal sa pagbuo at pagpapatupad ng patakaran at programang pangwika sa edukasyon. Gayumpaman, gaya nang naiharap lagi at laging malakas ang puwersa at tulak ng mga sosyo-politikal at ekonomikal na salik. Sa puntong ito na nanawagan ang ilan para ihinto ang MTB-MLE, mahalagang maunawaan, isaalang-alang at timbangin ang bisa ng programa sa pagkamit ng mga tunguhing edukasyonal.

MGA TALA

1. Ang sumusunod ang labindalawang major na wika o lingua franca na itinakda: Tagalog, Kapampangan; Pangasinan, Ilokano, Bikol, Sebwano, Hiligaynon, Waray, Tausug, Maguindanaon, Maranaw, at Chavacano
2. Ang World Declaration on Education For All ay produkto ng malawak at sistematikong konsultasyon mula Oktubre 1989-Enero 1990 na isinagawa sa ilalaim ng Inter-agency Commission. May 1500 na kalahok ang dumalo sa Jomtien Convention. Ang mga delegado mula sa 155 na pamahalaan ay kinabilangan ng mga gumagawa ng batas at patakaran, mga espesyalista sa edukasyon, at iba pang opisyal na kumakatawan sa 20 inter-governmental bodies at 150 na non-governmental na organisasyon ay tumalakay sa iba't ibang aspekto ng education for all. Kaya naman kumakatawan ang mga dokumentong nabuo sa isang worldwide na consensus ukol sa pinalawak na bisyon para sa pinalawak na edukasyon (World Declaration on Education For All and Framework for Action To Meet Basic Learning Needs 4).
3. Kabilang sa idinagdag na wika ang sumusunod: Ibanag, Ivatan, Sambal, Aklanon, Kinaray-a, Yakan; at Surigaonon.
4. Ang Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) ay naitatag noong 8 Agosto 1967 sa Bangkok Thailand sa pagkakapirma sa ASEAN Declaration ng Indonesia, Malaysia, Philippines, Singapore, at Thailand. Kinalaunan sumapi rin dito ang Brunei Darussalam, Vietnam, Laos at Cambodia. Layunin nito ang mga sumusunod: 1) Pagpapabilis ng paglago ng ekonomiya, pag-unlad ng lipunan, at kultural na development sa rehiyon; 2) Pagtataguyod ng kapayapaan at estabilidad sa rehiyon sa pamamagitan ng respeto sa katarungan at pangangibabaw ng batas sa pakikipag-ugnayan sa mga bansa sa rehiyon; 3) Pagtataguyod ng aktibong kolaborasyon at pagtutulungan sa pamamagitan sa mga usaping interes ng lahat: pang-ekonomiya, panlipunan, pangkultura, teknikal, siyentipiko, at administratibong mga larang; 4) Magbigay ng tulong sa isa't isa sa anyo ng pasilidad para sa mga pagsasanay at pananaliksik na edukasyunal, propesyonal, teknikal, at administratibong mga larangan; 5) Pagkakaroon ng mas epektibong kolaborasyon para sa higit na paggamit ng agrikultura at industriya at pagpapalawak ng kalakalan; 6) Pagtataguyod ng Southeast Asian Studies; at 7) Pagpapanatili ng malapit at benepisyal na kooperasyon sa mga internasyonal at rehiyonal na organisasyon na may katulad na mga tunguhin at layunin. (Association of Southeast Asian Nations. asean.org)
5. Binuo ang EDCOM ng limang senador sa pamumuno ni Senador Edgardo J. Angara at 5 Representatives na pinili ayon sa kanilang kaalaman sa mga bagay na mga kinalaman sa edukasyon at ayon din sa representasyon ng kanilang rehiyon, sektor at political na pananaw.

SANGGUNIAN

- Amparo, Jonevee. Ebalwasyon sa Paghahanda at Pagpapatupad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education Sa Iloilo City. Master's thesis, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2016.
- ASEAN Economic Community Blueprint. Jakarta: ASEAN Secretariat 2008.
- ASEAN Secretariat. ASEAN Integration by 2015 and Its Implications to Education in the Region. Proceedings. Chiang Mai, 1990.
- ASEAN Socio-cultural Community Blueprint. Jakarta: ASEAN Secretariat. 2009.
- Association of Southeast Asian Nation. asean.org
- Bernabe, Emma. Language Policy Formulation, Programming, Implementation and Evaluation in Philippine Education (1565-1974). Quezon City: Linguistic Society of the Philippines, 1987.
- Burton, Liza Ann. "Mother Tongue-Based Multilingual Education in the Philippines: Studying Top-Down Policy Implementation from The Bottom Up." PhD. Diss., University of Minnesota, 2013.
- Congress of the Philippines. Third regular session Vol. 1 No. 23. 16 October 2012
- Chi, Cristina *House OKs Suspension of Using Mother Tongue to Teach Young Learners* Philstar.com. Feb. 6, 2023 pars 1-3, 16. Accessed Jan. 24, 2023.
- Constantino, Pamela. Katutubo vs Banyaga Pagtalunton sa Usaping Pangwika sa Pilipinas 1898-1946. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 2014.
- Demeterio, Feorillo Petronillo A, III. Ang Kautusan Ng Departamento Ng Edukasyon Bilang 74, Serye 2009: Isang Pagsusuri Sa Katatagan Ng Programang Edukasyon Sa Unang Wika (MLE) Ng Filipinas. Report. Pamantasang De La Salle. 2010.
- Department of Education. DO 74 s. 2009 Institutionalizing Mother Tongue Based Multilingual Education.
- Department of Education DO 16 s. 2012 Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE)
- Department of Education DO 28 s. 2013 Additional Guidelines to DepEd Order No. 16, s. 2012
- Department of Education. DO 55 s. 2015. Utilization of Language Mapping Data for Mother Tongue Based Multilingual Education (MTB-MLE) Program Implementation
- Hamid, M Obaidul, Hoa Thi Mai Nguyen, at Richard B. Baldauf, Jr., eds. Language Planning for Medium of Instruction in Asia. London: Routledge, 2014.
- House of Representatives. Congressional Record. Third regular session Vol. 1 No. 23. 16 October 2012
- House of Representatives. Congressional Record. Third regular session Vol. 1 No. 24. 17 October 2012
- Jocson, Sedar. "Politika ng MTB-MLE sa Pilipinas." Master's thesis, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2013.
- Kaplan, Robert and Richard Baldauf. Language Planning from Practice to Theory. Clevedon: Multilingual Matters, 1997.
- Nolasco Ricardo, Francisco Andes Datar, and Arnold Molina Azurin. Starting Where the Children Are: A Collection of Essays on Mother Tongue-based Multilingual Education and Language Issues in the Philippines. 170 Talaytayan MLE, 2010
- Ocampo, Dina, Leonor Diaz, Portia Padilla, Victor Villanueva, Aurelio Vilbar, Tito Paulo Fontanos, Mark Norman Maca, Liza Villanueva, Roberto Ruda, and Ricky

- Bereber. Basic Education Sector Reform Agenda 2015 KRT 3 Formulation of the National Learning Strategies for Filipino and English Languages. September 30, 2006.
- Ocampo, Dina. Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) in the Philippines. Report. Department of Education. 2017.
- Philippine Business for Education. pbed.ph
- Philippine Education For All 2015: Implementation and Challenges. unesco.org
- Philippine Congressional Commission in Education, comp. Education and Manpower Development Programs Areas of Concern in Philippine Education. Vol. 1. 4 vols. Quezon City: Congressional Oversight Committee on Education, 1993.
- Philippine Development Plan 20011-2016. neda.gov.ph
- Presidential Commission on Educational Reforms. Philippine Agenda for Educational Reform: The PCER Report. Pasig City: Presidential Commission on Educational Reforms, 2000.
- Raya, Rene *PISA, TIMMS and quality Education*, 18 June 2021 Businessworld bworldonline.com
- Republic of the Philippines. 1987 Konstitusyon.
- Republic of the Philippines. Republic Act 10533
- Santos, Jamil. Marcos K-12 program Under Careful Review GMA News, 25 July 2022
- Senate of the Philippines. Senate Bill No. 3286
- UNESCO 1953. The Use of Vernacular Language in Education. Monograph on Fundamental Education. Paris: UNESCO
- UNICEF 1999 The State of The World's Children, New York: Author
- World Declaration on Education for All and Framework for Action To Meet Basic Learning Needs. Proceedings of the World Conference on Education for All. New York, NY: Interagency Committee for the World Conference on Education for All, 1990.

MGA PANAYAM

- Ocampo, Dina. Undersecretary for Curriculum and Instruction, DepEd (April 2013 – June 2017) Hulyo 2019
- Villaneza, Rosalina. Point Person para sa MTB-MLE. Abril 2018

Si **Aure Berta A. Abiera** ay guro sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP), Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL). Kasalukuyan siyang Tagapag-ugnay ng Araling Gradwado ng KAL at dáting Tagapangulo ng DFPP.